ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

AKADEMIKONG MOTIBASYON SA PAGPILI NG BSED FILIPINO: A MIXED METHOD

Kathleen Kaye B. Almasa[1]
[1]*ORCID No. 0009-0003-4763-6911*
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

ABSTRAK

Layon ng pananaliksik na gumamit ng mixed-method na disenyo upang siyasatin ang akademikong motibasyon ng mag-aaral, partikular na gamit ang convergent parallel mixed-method approach. Ang disenyo na ito ay nagbigay- daan sa pagkolekta ng magkakaibang ngunit komplementaryong datos hinggil sa parehong paksa. Sa kwantitatibong bahagi, 177 mag-aaral ang lumahok, samantalang 14 mag-aaral naman ang sumali sa kwalitatibong bahagi. Ang kinalabasan ay napakataas ang antas ng akademikong motibasyon ng mga respondente, lalo na sa kanilang pag- aaral. Tatlong pangunahing tema ang natukoy kaugnay ng kanilang motibasyon sa pagpili ng kursong BSEd- Filipino: ang kahalagahan ng motibasyon sa pag-aaral, ang motibasyon bilang lakas na nagtutulak sa mag-aaral, at ang suporta bilang salik na nagtataguyod ng kanilang pagpupursige. Ang integrasyon ng datos mula sa kwantitatibo at kwalitatibong bahagi ay nagpakita ng pagkakatugma, kung saan parehong uri ng datos ay nagbigay ng magkatulad na resulta at nagpapatibay sa mga konklusyon ng karunungan.

MGA SUSING SALITA: *akademikong motibasyon, mixed methods, Davao del Norte, Philippines*

INTRODUKSYON

Hindi maikakaila na ang motibasyon ay isang napakahalagang sangkap sa karunungan na nagtulak sa mag-aaral na kumilos ng masigasig at gumanap ng may sigla sa eskwela. Ang motibasyon ay mahalaga sa halos lahat ng pag-uugali ng tao. Ayon nga sa isang pag-aaral, ang motibasyon ay nananatiling mali na impluwensya sa paggabay ng ugali ng tao lalo na sa mga estudyante. Ang estudyante ay madalas na nakakaranas ng pagganyak o motibasyon, nang sa ganun ay pagbutihin pa nila ang kanilang karunungan sa kanilang pagnanais na matuto o makakuha ng malaking grado. Nakakatulong ang mga interpretasyong ito sa mga estudyante upang maging mas ganado silang mag-aral at pagbutihin pa nila ang kanilang pag-aaral (Priest & Yandell, 2019).

Sa Indonesia, partikular sa paturuan ng South Sulawesi, ang isang karunungan ay naglalahad na ang mga estudyanteng may kakulangan sa motibasyon ay nahihirapan sa kanilang pag-aaral. Mas nahihiya silang ipakita ang kanilang husay dahil kulang sa inspirasyon mula sa kanilang mga guro at magulang. Ayon sa pagsasaliksik, malaking suliranin ang kinakaharap ng mga estudyante at ng paaralan dahil hindi sila gaanong nagiging interesado sa karunungan dahil sa kakulangan ng motibasyon. Kaya

napakahalaga ng motibasyong ibinibigay ng mga guro at magulang sa akademikong paglangon ng mga estudyante, lalo na sa kasalukuyang online na set-up at sa traditional na klase (Rivai et al., 2021).
Sa Pilipinas, partikular sa Manila, sa isang pagsusuri, natuklasan na ang ilang mag-aaral ay nahaharap sa kakulangan ng motibasyon na humantong sa kanilang pagkakahiyang ipakita ang kanilang mga talento sa paaralan. Isa rin sa mga natuklasan ang katotohanan na ang kawalan ng pagganang nararamdaman ng ilang mag-aaral ay maaring magbunga ng kawalan ng interes sa pag-aaral at pagiging absente sa klase, na nagiging malaking problema hindi lamang para sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa kanilang mga guro. Ang mga findings ng pagsusuri ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng tamang motibasyon sa pagganap ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang larangan. Ang pagtulong sa pagpapalakas ng motobasyon ng isang mag-aaral ay mahalaga para sa kanilang tagumpay. Dagdag pa rito, natuklasan din na ang motivation ay nagbibigay inspirasyon at nagpapalakas sa indibidwal, nagbibigay ng lakas ng loob at naglalaan ng enerhiya, na tumutulong sa kanila na maging matatag sa pagabot ng kanilang mga pangarap (Bernardino at iba pa, 2020).

Ang karunungan tungkol sa akademikong pagganyak sa pagpili ng BSEd-Filipino ay nagbibigay-diin sa mga kritikal na isyu sa akademikong disiplina ng edukasyon. Ang mataas na antas ng akademikong motivasyon ay mahalaga para sa tagumpay ng mag-aaral sa kanilang akademikong disiplina subalit ang kakulangan nito ay maaaring maging hadlang sa kanilang pag-unlad, na maaaring makaapekto sa kanilang partisipasyon at tagumpay. Ang karunungan ay tumutok sa mga pangmatagalang epekto nito sa edukasyon at hinaharap na karera, na nagpapakita ng pangangailangan sa pagtugon sa mga suliraning kaugnay ng akademikong motivasyon ng mga mag- aaral. Layunin nito ang pagbuo ng mga gabay upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon ng mga mag- aaral na kumukuha ng kurso sa Filipino. Ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kahalagahan ng pananaliksik sa lipunan ay matatagpuan sa pagsasaayos ng mga praktika sa edukasyon na may kasamang akademikong motibasyon sa isang makabagong konteksto. Mahalaga rin ang akademikong motibasyon ng mga guro, na naglalayong palakasin ang interes ng mga mag-aaral upang makabuo ng produktibong learning environment. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kombinasyon ng kwalitatibong at kwantitatibong pagsusuri, inaalam ng pananaliksik ang akademikong motivasyon ng mga mag-aaral na pumipili ng kurso sa Filipino. Ang pag-aaral ay magbibigay ng mahahalagang perspektiba para sa mga institusyon sa edukasyon, nag-aambag sa mga epektibong pamamaraan ng pagtuturo na nagdudulot ng positibong mga resulta sa pag-aaral at sa pangkalahatang kalusugan ng mga mag-aaral na kumukuha ng kurso sa Filipino. Sa wakas, may potensyal ang pananaliksik na magdulot ng pagbabago sa mga patakaran sa edukasyon, na magtataguyod ng positibong transformasyon sa larangan ng wika sa mas malawakang komunidad.

Sa larangan nito, marami sa mga mananaliksik ang nagsagawa ng pagsusuri hinggil sa akademikong motibasyon ng mga mag-aaral. Halimbawa, ang pag- aaral ni Topoğlu (2022) ay nakatuon sa akademikong motibasyon ng mga preservice teachers, kung saan isang kwantitatibong disenyo ang ipinatupad. Sa kabilang dako, ang pag-aaral ni Sivrikaya (2019) ay naglunsad ng pananaliksik na nakatuon lamang sa ugnayan ng akademikong motibasyon at tagumpay ng mga mag-aaral, kung saan gumamit din ng kwantitatibong pamamaraan. Sa kaso naman ni Bryant (2017), tinalakay nito kung saan nagmumula ang self-efficacy ng mga mag-aaral at ang mga salik na nagtataas ng kanilang akademikong motibasyon,

kung saan naging kwalitatibong disenyo ang ginamit. Sa kasalukuyang pananaliksik, ang pokus ay nakatuon sa akademikong motibasyon ng mga mag- aaral sa BSEd-Filipino sa pamamagitan ng isang kombinasyon ng kwantitatibong at kwalitatibong disenyo na nakatuon sa mag-aaral ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST) na karamihang Filipino. Sa ganitong konteksto, ipinakita ng mananaliksik ang pangangailangan ng pagsasagawa ng karunungan upang matukoy ang akademikong motibasyon ng mag-aaral sa antas ng kolehiyo na nag-aaral ng Filipino.

Sa wakas ng pagsusuri na ito, layon ng mananaliksik na ibahagi ang kaalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang seminar na naglalayong magbigay ng pagsasanay sa iba't ibang paaralan at institusyon hinggil sa akademikong motibasyon ng mag-aaral. Ang nasabing seminar ay magiging isang plataporma para sa pagsasaliksik at pagsusuri ng mga karanasan sa pagharap sa mga hamon. Ang mga natuklasan na impormasyon mula sa pagsasaliksik ay magiging kapaki-pakinabang sa mga guro, mag-aaral, at institusyon upang maintindihan ang mga hamon na hinaharap ng mga mananaliksik sa Filipino sa konteksto ng akademikong motibasyon ng mga mag- aaral. Bukod dito, ang pagsasaliksik na ito ay timely at makabuluhan sa paghubog ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat at pagsasaliksik sa larangan ng edukasyon.

Ang mananaliksik na kasalukuyang nag-aaral ng Bachelor of Secondary Major sa Filipino ay nagsusuri ng kahalagahan ng guro sa pagbibigay ng motibasyon sa kanilang mga mag-aaral at kung paano nila matagumpay na hinarap ang kaba hinggil sa akademikong motibasyon ng mga ito. Mahalaga na ang mag-aaral ay maunawaan ang kanilang antas ng kaba sa larangan ng edukasyon, sapagkat ang pag- address sa ganitong mga pangamba ay maaaring magkaroon ng malawakang epekto sa kanilang tagumpay sa pag-aaral at kabuuang kaginhawaan. Gayundin, mahalagang maging maingat ang mga guro sa pagbibigay ng pidbak at akademikong motibasyon sa kanilang mga mag-aaral, kung saan ang konstruktibong puna ay naglalaro ng mahalagang bahagi sa pagpapabuti ng mga ito at sa paglikha ng positibong kapaligiran sa karunungan. Ang akademikong motibasyon ng mga mag-aaral sa pagpili ng kurso sa Filipino ay isang saligan sa pagbuo ng produktibong at suportadong edukasyonal na karanasan.

Sa pagsasaliksik na ito, gagamit ang mananaliksik ng pamamaraang mixed method o pinaghalong paraan.
Ang paggamit ng ganitong dulog ay batay sa pananaw ng pragmatismo, kung saan binibigyang halaga ang sari-saring paraan ng pagtatanong at pinapayagan ang paggamit ng kwalitatibo at kwantitatibong datos. Ayon sa perspektibang pragmatiko, ang pangunahing layunin ay ang pagresolba sa suliranin, at nakatuon ito sa katotohanan at sa epekto ng mga aksyon sa hinaharap. Mahalaga para sa mananaliksik na maunawaan ang pangangailangan ng isang siyentipikong pilosopiya na nagmumula sa magkakaibang pananaw upang bigyang-konteksto ang anumang salungatan sa mga paradigma. Sa madaling salita, ang pilosopiyang ito ay kumakatawan sa konkretong persepsyon ng mga proseso sa mundo, hindi lamang sa abstraktong paniniwala o ideya, kundi pati sa aktwal na kahulugan ng operasyon ng mundo (Cresswell, 2013).

Layunin ng mga Pahayag

Ang akademikong motibasyon ng mga mag-aaral sa BSEd-Filipino ay itituring bilang isang pangunahing pinag-uusapan sa pag-aaral na ito. Ang pag-aaral ng akademikong motibasyon ay isang pagtingin sa kung paano at kung bakit ang isang mag-aaral ay nagbibigay insentibo sa kaniyang mga gawain. Ang convergent parallel mixed method ang gagamitin sa pag-aaral na ito. Ang dahilan ng convergent ay dahil sa utak nito bilang isang mixed method. Ito ay maaaring suriin ang anumang urian sa doktrina ng isang topic at makuha ang parehong parehong karagdagang datos mula sa parehong mga subtopics. Ang pananaliksik na ito ay may humpay sa damdamin na matulungan ang mag-aaral kong magsagawa ng pananaliksik na ito upang mabigyan ito ng resulta na ipapasok at pagpapahusay sa institusyon.

Sa pagkolekta ng datos, isinagawa ang koleksyon ng kwantitatibong impormasyon kasama ng malalim na panayam na kwalitatibo upang mas mapalalim ang unawa sa mga karanasan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ng mga mag-aaral na walang motibasyong akademiko.

Layon ng pananaliksik na ito na malaman kung paano nakaaapekto ang nasabing mga karanasan sa akademikong motibasyon ng mga indibidwal. Ang pagsasagawa ng parehong kwantitatibong at kwalitatibong pagsusuri ay naglalayong pagtibayin at ihambing ang mga natuklasan mula sa dalawang anyo ng pananaliksik.

Layunin ng Pag-aaral

Sa pagsasaliksik na ito, ginamit ang convergent parallel mixed method na pamamaraan upang suriin ang iba't ibang bahagi ng akademikong motibasyon ng mga mag-aaral ng BSEd-Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Layon nito na tugunan ang mga sumusunod na katanungan sa nasabing pag-aaral.

1. Ano ang antas ng akademikong motibasyon ng mag-aaral ng BSEd-Filipino?
2. Ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd-Filipino sa KCAST patungkol sa kanilang akademikong motibasyon sa pag-aaral.
3. Ano ang iyong pananaw at pag-unawa sa mga mag-aaral ng BSEd-Filipino sa kanilang akademikong motibasyon sa pag-aaral?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang convergent parallel mixed technique ang naging pundasyon ng pagsusuring ito. Ang di-eksperimental na karunungan na ito ay naaayon sa mga pamamaraan ng kwantitatibo at kwalitatibong aspeto. Tinatawag itong convergent parallel dahil ito ay nakabatay sa pangangalap, pagsusuri, at paghahambing ng datos na kwantitatibo at kwalitatibo sa parehong oras, kung saan ilang paghahambing ang isinagawa matapos makumpleto ang pagsisiyasat. Ang layon ng dulog na ito ay suportahan ang akademikong motibasyon ng mag- aaral. Bukod dito, ginagamit ito upang malampasan ang kahinaan ng isang paraan sa pamamagitan ng pag-aambag ng lakas ng isa pa. Maliwanag ito mula sa pagpapahusay ng dami ng datos sa pangangalap ng kwalitatibong datos na naghahandog ng mas masaklaw na hanay ng mga posibleng sagot (Creswell, 2022).

Sa partikular na aspeto ng pananaliksik na ito, ang kwantitatibong bahagi nito ay espesyal dahil ito ay gumagamit ng deskriptibong pamamaraan. Sa pagsasakatuparan ng isang karunungan na may deskriptibong pamamaraan, layon nitong magbigay ng eksaktong paglalarawan ng mga kalahok. Sa maikli, ang deskriptibong pamamaraan ay isang daan upang kilalanin ang taong apektado ng pananaliksik. Mahalaga ito upang maintindihan ang saloobin ng mga taong sangkot sa karunungan. May sar-saring uri ng kategorikal na sistema na ginamit upang maipaliwanag ang kalagayan o populasyon.

Bilang karagdagan, ang mga respondente ay ang lahat ng BSEd-Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Isandaan at pitumpu't pitong (177) katao ang sasagot sa mga tanong batay sa resulta ng isinagawang pananaliksik sa pamamagitan ng random sampling. Sa mga kolektibong sagot ng mga respondente, ipinahayag ang numerikal na datos kaugnay ng mga nakalistang komplikasyon. Sa gayon, ang mga kagamitang pang- istatistika gaya ng weighted mean ay ginamit. Isinailalim ang datos sa pagsusuri gamit ang deskriptibong istatistika.

Sa kabilang bahagi, ang mananaliksik ay umaasa sa pananaliksik na penomenolohikal sa lahat ng yugto ng aspetong kwalitatibo, naniniwala na ang katiyakan ay maaaring maging marami at subhetibo. Ang focus group discussion at one-on-one na panayam ay ilan sa mga halimbawa ng mga paraan ng pagkuha ng kwalitatibong datos na ginagamit upang suriin ang mga panlipunang pamantayan ng komunidad. Ang impormasyon na nakuha mula sa mga panayam ay tumutok sa paksang pinag-uusapan at nagbibigay ng mas matindi na pang-unawa sa nakalap na datos (Tripoli, 2014).

Bilang resulta, ang epekto at datos ay ipinakita sa paraang naaayon sa gabay sa pakikipanayam para sa pitong (7) kalahok sa focus group discussion at sa pito (7) napiling kasali para sa one-on-one na taimtim na panayam. Layon ng katanungan na makakuha ng sagot mula sa mga kasali. Layunin ng panayam ay magplano ng proseso at matukoy ang kakayahan ng mga respondente na makibahagi. Gayunpaman, ang hindi nauugnay sa karunungan ay hindi isinama, ngunit ang bawat tugon ay isinasaalang-alang.

Partisipante

Kwantitatibong Parte

Sa tinangkaing sarbey ng mga respondente sa iba't ibang kurso ng Kapalong College of Agriculture, Sciences, at Technology, kabilang ang BSEd- Filipino, lumalabas na may kakulangan sa akademikong motibasyon ang mga mag-aaral sa larangang ito. Sapagkat nagsiwalat ang pag-aaral na ito ng kawalan ng interes sa asignaturang Filipino. Bilang tugon dito, naging angkop na simulan ang pagsusuri sa mag-aaral mula sa hayskul hanggang kolehiyo upang masukat ang kanilang pananaw sa paraan ng pagtuturo. Sa aspetong bilangguhit ng pagsusuring ito, nakibahagi ang daan at pitumpu't pitong (177) mag-aaral bilang mga partisipante upang makabigay ng kanilang mga tugon at opinyon.

Ang paraang ito ng pagsusuri ay tiyak na akma sa karunungan sapagkat ang kalahok na mag-aaral ng BSEd-Filipino ay gumamit ng sampol random

sampling. Ito ay isang pangkalahatang ginagamit na pamamaraan sa pangangalap ng sampol na naghahandog ng pantay na oportunidad para sa bawat indibidwal sa populasyon na mai-representa sa sampol.

Sa pagkuha ng sampol, mahalaga na maging sistematiko at maingat sa pagsusuri at pagsunod sa mga tamang pamamaraan upang tiyakin ang representativeness ng sample sa populasyon. Dapat na tiyakin na ang pagpili ng mga respondente ay nagreresulta sa isang sample na may katangiang kapareho ng buong populasyon ng mga estudyante ng Batsilyer ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sekondaryang Edukasyong Medyor sa Filipino.

Sa pananaliksik na isinagawa sa mga estudyante ng BSEd-Filipino, 327 sa kabuuan, mayroong 167 mag- aaral sa unang taon, 66 sa ikalawang taon, 60 sa ikatlong taon, at 34 sa ikaapat na taon. Ang halimbawa ng pagsusuri na ginamit ng isang statistician ay mula sa 177 mag-aaral sa programa ng BSEd-Filipino, kung saan kabilang ang 90 mula sa unang taon, 36 mula sa ikalawang taon, 32 mula sa ikatlong taon, at 18 mula sa ikaapat na taon.

Bukod dito, ang mag-aaral ay tumugon sa isang set ng mga tanong na ibinigay sa pamamagitan ng sarbey na talatanungan tungkol sa kanilang digital na kasanayan. Ang mga respondente na nagpartisipa sa talatanungan ay hindi na maaaring maging bahagi ng mga kwalitatibong panayam. Ang mga ito ang nagsilbing pangunahing pinagmulan ng unang-kamay na impormasyon na ginamit bilang mahalagang ebidensya sa pagsusuri ng akademikong motibasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang impormasyong nakalap mula sa kanila ay nagbigay- liwanag sa sari-saring aspekto ng akademikong motibasyon na maaaring maging batayan ng mga rekomendasyon para sa pagpapalalim ng nasabing kasanayan.

Kwalitatibong Parte

Ang mga kalahok para sa bahaging kwalitatibo ng pag-aaral ay binubuo ng labing-apat (14) na mag- aaral. Pitong (7) mag-aaral ang napili upang lumahok sa pangkalahatang talakayan o focus group discussion, habang ang natitirang pito (7) ay sumali sa mas malalim na panayam o in-depth interview. Ang penomenolohikal na pamamaraan ng pag-aaral ay karaniwang nagtatampok ng 5 hanggang 25 na kalahok. Ang bilang ng kalahok sa panaliksik na ito ay 14 para sa parehong grupo. Ang unang kalahati (7) ay mga nasa pinalalim na panayam o ang kanyang mga one-on-one na panayam at ang pangalawang

kalahati ay mga pokus sa pangkalahatang talakayan o focus group discussion. Sapat ng mapaghanguan ng mga temang kinakailangan sa kwalitatibong pananaliksik ng parehong one-on-one na pinalalim na panayam at gayundin sa focus group discussion ay hindi bababa sa anim na kalahok (Raagas, 2010; Mason, 2010).

Sa pagsasagawa ng kwalitatibong pananaliksik, ang purposive sampling ang ginamit bilang isang pamamaraan sa pagpili ng mga partisipante. Ang paraang ito, kilala rin bilang judgment sampling, ay batay sa pagpili ng mga indibidwal base sa kanilang partikular na mga katangian. Ito ay non-random na pamamaraan na hindi nangangailangan ng teoryang basehan o pre-determined na grupo ng partisipante. Sa maikli, ang mananaliksik ang siyang nagpapasya kung sino ang kanilang pipiliin upang maging bahagi ng pag-aaral, batay sa kanilang kaalaman o karanasan (Panlinkas et al., 2015).
Sa paghirang ng mga respondente sa karunungan, kanilang kinuha batay sa kanilang abilidad na makatulong sa pagpapalawak ng kaalaman, tugunan ang mga katanungan sa pananaliksik, at linawin ang maikli o hindi karaniwang impormasyon na pinag- aaralan. Sa mga panayam, pinili ang labing-apat (14) na respondente ayon sa apat na kriterya. Isinagawa ang masusing proseso ng pagpili upang matiyak na ang mga datos na makakalap ay may kaugnayan at sapat upang suportahan ang layunin ng karunungan.

Koleksyon ng Datos

Ang paraan para sa pangongolekta ng datos ay maaaring maging katulad ng
karanasan ng iba. Sa sari-saring uri ng datos, ang dami at kwalitatibong datos ang pinakamahalaga. Ang parallel mixed method na ginagamit para sa pangongolekta ng datos ay naglalayong mangalap ng datos upang masuri ito, magamit para sa layunin ng pananaliksik, o makabuo ng bagong impormasyon para sa pag-aaral (Creswell at Plano Clark, 2019).

Kwantitatibong Parte

Naging mas madali ang proseso ng pangangalap ng kinakailangang datos na kwantitatibo sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot ng mananaliksik mula sa tanggapan ng Pangulo ng KCAST upang maisakatuparan ang karunungan na ito. Dagdag pa rito, ang kwantitatibong datos ay nakuha gamit ang mga talatanungang sarbey na idinisenyo upang masukat ang aspeto tulad ng akademikong motibasyon.

Bukod dito, sa pangangalap ng kwantitatibong datos, ang talatanungang sarbey ay ipinamigay sa respondente sa parehong araw upang matakasan ang anumang pagbabago sa katayuan ng mga respondente. Samantala, isinagawa rin ang karunungan sa pamamagitan ng printed na talatanungan, kung saan hiniling ng mananaliksik na sagutan ito ng mga respondente. Gayunpaman, tiniyak na nananatiling mataas ang kalidad ng datos at ang proseso ng pagsala ay hindi naapektuhan kahit ginamit ang social media platform.

Kwalitatibong Parte

Sa pagkuha ng kwalitatibong datos, ginamit ang focus group discussion at one-on-one in-depth akademikong motibasyon at mapanatili ang tumpak na impormasyon. Ginamit ng mananaliksik ang personal na pakikipag-ugnayan sa mga respondents sa pamamagitan ng sari-saring social media platforms tulad ng Facebook, Messenger, Zoom, at sa one-on- one na sesyon. Ang mga panayam ay na-record gamit ang screen at voice recording. Tinimbang din ng mananaliksik ang availability ng mgarespondents at ipinaalam ang mga gawain na kailangang gawin, pati na angpaggamit ng partikular na social media platform at ang takdang oras para sa kaginhawaan ng lahat (Creswell at Poth, 2018).

Sa isinagawang one-on-one in-depth interview, gumamit ang mananaliksik ng mga inihandang tanong at nagdagdag din ng mga karagdagan na katanungan upang masigurong maayos ang pagsala ng mga sagot. Sa proseso ng panayam, maingat na ipinaliwanag at isinagawa ng mananaliksik ang mga etikal na pagsasaalang-alang para sa mga kasali.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Pagsusuri ng Datos

Kwantitatibong Parte

Sa pagsusuri ng kwantitatibong datos, ang descriptive statistics, partikular na ang mean, ay ginamit upang tukuyin at matimbang ang karaniwang mga tugon o average na sagot ng mga kalahok. Ang pagninilay- nilay sa mean ay nagbibigay daan sa masusing paglalarawan ng kabuuang pananaw at karanasan ng mga sumasagot batay sa kanilang mga reaksyon.

Kwalitatibong Parte

Sa pagsusuri ng kwalitatibong datos, ang mga tugon ng mga kasali ay maingat na inirekord, inayos, at naging mas mabuod upang makabuo ng tema sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri at pagsi-kowd ng mga impormasyon. Ang mga datos ay ipinapakita

sa pamamagitan ng mga grap, talahanayan, o pagsasalaysay. Bilang isang mananaliksik, ginamit ang deskriptibong datos at sari-saring pamamaraan tulad ng pagsusuri at kategorisasyon upang maayos ang mga datos. Layunin nito na maibigay ang mga tema na naglalarawan sa karanasan ng mga mag- aaral, partikular na ang mag-aaral ng BSEd-Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Kaya't ang pagsusuri ay isang prosesong paulit-ulit kung saan ang huling pagsusuri ng datos ay nakuha sa pamamagitan ng sunod-sunod na pagbabasa at pagsusuri, pati na rin ang panay na pagbuo at paglinang ng mga tema.

Analisis ng Datos

Ang seksiyong ito ay naglalarawan ng detalyadong pagsusuri sa sari-saring proseso na gagamitin sa pagsusuri ng nakalap na datos mula sa parehong at kwalitatibong bahagi ng pag-aaral.

Kwantitatibong Aspeto

Ang kwantitatibong datos ay aanalisisin gamit ang deskriptibong estadistika at Pearson-r. Narito ang mga diskusyon para sa bawat statistikal na tool: (1) Ang Pearson-r ay gagamitin upang malaman ang kahalagahan ng ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya ng pidbak ng mga guro at ang kaba sa wika; (2) Ang Mean ay gagamitin upang malaman ang antas ng mga estratehiya ng feedback na ginagamit ng mga guro at ang kaba sa wika, upang sagutin ang katanungan sa pananaliksik o ang mga isyu sa mga numero 1, 2, at 3; (3) Ang Standard Deviation ay gagamitin upang sukatin kung gaano kalat ang mga sagot ng mga respondente.

Kwalitatibong Aspeto

Sa kwalitatibong bahagi, ang nakalap na datos mula sa panayam ay aanalisisin upang makagawa ng mga konklusyon na magpapatibay at susuporta sa mga natuklasan sa kwantitatibong bahagi. Tulad ng tugon mula sa sari-saring kalahok. Ang prosesong ito ay tinatawag na thematic analysis.

Ayon sa kahulugan, ang thematic analysis ay ang paraang ginagamit sa pagsusuri at ng tema sa isang karunungan. Ayon kay Braun & Clarke (2013), ang thematic analysis ay isang malleable na plano ng pagsusuri ng datos na ginagamit ng mga kwalitatibong mananaliksik upang lumikha ng tema mula sa datos ng panayam.

Upang maging pamilyar sa datos, didinig at isusulat ang narekord na panayam ng mga kalahok at patuloy na babasahin ito upang makilala ang mga parehong sagot na ibinigay ng mga kalahok. Pagkatapos ng pamilyar sa datos, magsisimula ang coding ng datos kung saan gagamitin ang mga code upang makarating at makalikha ng mga tema, ideya, at kategorya. Pagkatapos ay itatala ang mga katulad na bahagi ng teksto gamit ang kowd label upang madaling makuha sa masusing pagsusuri at paghahambing.

Pagkatapos mabuo ang mga kowd, ipagkakakabit ko ang mga ito batay sa kahulugan o relasyon na ibinabahagi ng mga kowd. Ang pagbibigay ng pangalan sa mga kowd ay ang sumunod na proseso na kinapapalooban ng paggamit ng label na ginawa para sa tema at pagbibigay ng pangalan na kumpleto na naglalarawan sa relasyon o kahulugan na ibinubunyag sa partikular na tema.

Sa huli, upang palakasin ang kredibilidad ng datos, konsultahin ko ang aking data analyst na eksperto sa larangan at ang aking tagapayo sa pananaliksik para sa karagdagang pagsusuri ng datos. Pagkatapos, ipapakita ko ang mga natuklasan at pagpapakahulugan ng datos sa pamamagitan ng mga tabular na anyo para sa mas mabuting pang-unawa at paglilinaw.

RESULTA

Antas ng Akademikong Motibasyon ayon sa Self- Efficacy

Self-Efficacy	Mean	Description
1. May tiwala ako na mauunawaan ko nang mabuti ang mga ideya na kaugnay sa aming mga aralin sa klase.	4.82	Napakataas
2. Determinado akong maging mahusay sa klase at maipakita ang aking kakayahan at dedikasyon sa pag-aaral.	4.69	Napakataas

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

3. Naniniwala ako na mayroon akong kakayahan na maging isang mahusay na mag-aaral kung ikukumpara sa iba.	4.69	Napakataas
4. May tiwala ako sa aking sarili na kaya kong tagumpayan at gawing mabuti ang anumang gawain na ipinapagawa sa akin.	4.74	Napakataas
5. Naniniwala ako na may kakayahan akong makakuha ng mataas na marka sa klase.	4.71	Napakataas
KABUOAN	4.73	Napakataas

Ang antas ng akademikong motibasyon sa pag-aaral ayon sa *self-efficacy* ay ipinapakita sa Talahanayan 1, kung saan ang pangkalahatang mean na 4.73 ay nagmumungkahi ng napakataas na antas ng motibasyon ng mag-aaral batay sa kanilang tiwala sa sariling kakayahan sa pag-aaral.

Sa partikular, ang resulta ng *self-efficacy* ng mag- aaral ay nagpakita ng napakataas na may mean na 4.82 na nagsasaad sa Aytem 1 - *May tiwala ako na nauunawaan ko ng mabuti ang mga ideya na kaugnay sa aming mga aralin sa klase*.

Samantala ang mababang mean na may 4.69 ay nagsasaad sa Aytem 2 - *Determinado akong maging mahusay sa klase at maipakita ang aking kakayahan at dedikasyon sa pag-aaral*, at Aytem 3 - *Naniniwala ako na mayroon akong kakayahan na maging isangmahusay na mag-aaral kung ikukumpara sa iba.*

Sa madaling salita, ang kategorya ng mean ng akademikong motibasyon ay mataas na may pangkalahatang mean na 4.73. Ito ay nangangahulugang ang pagiging matatas sa akademikong motibasyon ng mag-aaral ay karaniwang aktibo. Ang resulta ay nagpapakita na ang mataas na antas ng self-efficacy ay may mahalagang bahagi sa pagpapanatili ng kanilang motibasyon at determinasyon sa kanilang pag-aaral.

Antas ng Akademikong Motibasyon ayon sa Intrinsic Value

Intrinsic Value	Mean	Description
1. Mas pinipili ko ang mga mapanghamong gawain sa klase dahil sa pamamagitan nito, mas marami akong natututunan at nabibigyan ng pagkakataon na makakuha ng mga bagong kaalaman	4.62	Napakataas
2. May kahalagahan para sa akin na malaman kung paano ko magagamit ang aking mga pinag-aaralan sa tunay na buhay at kung paano ito makatutulong sa aking personal na pag-unlad at sa lipunan.	4.55	Napakataas
3. Lubos akong natutuwa sa mga bagong kaalaman at kakayahan na aking naiiwan mula sa mga aralin sa klase.	4.55	Napakataas
4. Mahalaga para sa akin na malaman kung paano ko magagamit ang aking mga natutunan sa mga praktikal na sitwasyon at kung paano ito makatutulong sa aking personal na pag-unlad at sa lipunan.	4.64	Napakataas

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

5. Kadalasang pinipili kong pagtuunan ng pansin ang mga paksa na mayroong mas malalim na pag-aaral, kahit na ito ay nangangailangan ng mas maraming panahon upang maunawaan at maipatupad nang maayos.	4.69	Napakataas
KABUOAN	4.61	Napakataas

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang antas ng akademikong motibasyon ayon sa intrinsic value na may kabuoang mean na 4.61 na naglalahad ng napakataas na estado ng kalagayan ng mga mag-aral sa kanilang akademikong motibasyon.

Dagdag pa, ang tugon ng mga mag-aaral rito ay nagpakita ng napakataas na may mean na 4.69 na nagsasaad sa Aytem 5 - Kadalasang pinipili kong pagtuunan ng pansin ang mga paksa na mayroong mas malalim na pag-aaral, kahit na ito ay nangangailangan ng mas maraming panahon upang maunawaan at maipatupad nang maayos.

Habang ang mababang mean naman na may 4.55 na nagsasaad sa Aytem 2- May kahalagahan para sa akin na malaman kung paano ko magagamit ang aking mga pinag-aralan sa tunay na buhay at kung paano ito makatutulong sa aking personal na pag-unlad sa lipunan at Aytem 3- Lubos akong natutuwa sa mga bagong kaalaman at kakayahan na aking naiiwan mula sa mga aralin sa klase.

Samakatuwid, ang kategorya ng mean ng akademikong motibasyon ayon saintrinsic valuena inilarawan bilang mataas na may pangkalahatang mean 4.61 na nangangahulugang ang antas ng akademikong motibasyon ayon sa intrinsic value ay madalas naipamalas at naipapakita ng mga mag-aaral.

Antas ng Akademikong Motibasyon ayon sa Self- regulation

Self-regulation	Mean	Description
1. Tinatanong ko ang aking sarili upang matiyak na alam ko ang aking pinag- aaralan.	4.68	Napakataas
2. Kapag mahirap ang ginagawa ay sumusuko ako o di kaya ay pag-aaralan na lang ang mga madaling bahagi nito.	4.44	Napakataas
3. Ginagawa ko ang mga pagsasanay at naghahanda ng ekstrang materyal sa pag-aaral kahit na hindi ko kailangan.	4.56	Napakataas
4. Kahit na ang pag-aaral ay hindi kapana-panabik, patuloy ko itong ginagawa hanggang sa matapos ko.	4.62	Napakataas
5. Bago ako magsimulang mag-aral, iniisip ko muna ang mga bagay at aralin na kailangan kong gawin upang mas madaling matuto.	4.70	Napakataas
KABUOAN	**4.60**	**Napakataas**

Sa Talahanayan 3, ipinakita ng mag-aaral ang antas ng *self-regulation* na may kabuoang mean na 4.60, na nagpapakita ng mataas na akademikong motibasyon ng mag-aaral batay sa self-regulation.

Sa indikeytor na ito, nakakuha ang mag-aaral na mataas na may mean na 4.70 na nagsasaad sa Aytem 5 - Bago ako magsimulang mag-aral, iniisip ko muna ang mga bagay at aralin na kailangan kong gawin upang mas madaling matuto.

Habang ang mababang mean naman na may 4.44 na nagsasaad sa Aytem 2- Kapag mahirap ang ginagawa ay sumusuko ako o di

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kaya ay pag-aaralan na lang ang mga madaling bahagi nito.

Samakatuwid,ang kategorya ng mean ng akademikong motibasyon ayon sa self-regulation ay sumasagisag bilang mataas na may kabuoang mean na 4.60, na ang ibig-sabihin ay ang antas ng akademikong motibasyon ayon sa self-regulasyon ay madalas naipamalas at naipapakita ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang kakayahan ng mag-aaral na pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto ay mahalagang salik sa pagpapanatili ng kanilang motibasyon sa akademikong tagumpay.

Kabuoang Resulta ng Antas ng Akademikong Motibasyon

Ang antas ng akademikong motibasyon sa Talahanayan 4 ay representante sa tatlong indikeytor (3) indikeytor na may kabuoang total mean na 4.65 na kumakatawan bilang napakataas. Ang self- efficacy ay nakakuha ng pangkalahatang mean ng kategorya na 4.73 na naglalahad ng napakataas na epekto na madalas naipamalas ang akademikong motibasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa, ang mga tugon ng mgamag-aaral tungkol sa intrinsic value ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.61 atself-regulation na may kabuoang mean na 4.60 na sumasagisag bilang napakataas.

Talahanayan 5.1

Ang Karanasan ng mga Mag-aaral ng Bsed-Filipino sa kanilang Akademikong Motibasyon

Isyung Sinuri	Pangunahing Ideya	Code/ Kategorya	Pangunahing Tema	Teoritikal Na Suporta
Karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd-Filipino patungkol sa kanilang Akademikong Motibasyon	• Inspirasyon na galing sa mga nagdaang guro dahil sa magaling magturo. • Inspirasyon na galing sa mga nagdaang guro dahil sa idolo niya ito.	Inspirasyon na Galing sa Nagdaang Guro	Impluwensya na Galing Sa Kaibigan at Nagdaang Guro	Self Determination Theory (SDT)
	• Impluwensya ng mga nagdaang guro. • Impluwensya ng mga nagdaang guro, nakita kung paano minahal at niyakap ang pagtuturo.	Impluwensya na galing sa guro		
	• Impluwensya ng mga kaibigan. • Dahilsa paghihikayatng mga kaibigan.	Impluwensya na galing sa kaibigan		
	• Sabi nila madali lang daw ang Filipino. • Saaking napagtanungan na madali lang daw ang Filipino.	Impluwensya na galing sa ibang tao	Paniniwala na Madali lang ang Filipino	Social Learning Theory
	• Piniliang Filipino dahil sariling wika lang ang ginagamit. • Naniniwala sa sarili na madali lang ang Filipino dahil sariling Wikang atin lamang ito.	Naniniwala sa sarili na madali lang ang Filipino		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	• PiniliangKursong Filipino dahil sabi ng kaibiganna madali lang ang Filipino. • Hindi mahirap angaralin Filipino, mukhang madali lang sabing kaibigan.	Impluwensya ng Kaibigan		
	• Pangarap na maging isang mahusay na guro sa hinaharap. • Pangarap simula bata pa.	nimithing Pangarap	Angkurso bilang Isang Pangarap na Inaasam- asam	Achievement Goal Theory
	• Mahalang wikang Filipino kaya nais magturo nito. • Paborito ang asignaturang Filipino kaya kinuhaang kursong Filipino.	Paborito ang asignaturang Filipino		
	• Naniniwala nakayang abutinangpangarap hanggang mataposang kinuhang kusrong Filipino. • Iniisip na para ito sakanyang kinabukasan at pangarap niyaang makapagtaposnaangkurso ay BSEd-Filipino.	Inaasam-asam na Pangarap		

Talahanayan 5.2

Ang Pananaw ng mga Mag-aaral ng Bsed-Filipino sa kanilang Akademikong Motibasyon

Isyung Sinuri	Pangunahing Ideya	Code/ Kategorya	Pangunahing Tema	Teoritikal Na Suporta
Ang Pananaw ng mga Mag-aaral ng Bsed-Filipino sa kanilang Akademikong Motibasyon	• Mahalagana magkaroonng akademikong motibasyon upang matagumpayan ang pag-aaral. • Mahalagaang akademikong motibasyon upang makamtanang minimithing pangarap.	Kahalagahan ng Motibasyon sa Pag-aaral		
	• Napakahalagang akademikong			

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	motibasyon upang magpursige at magpatuloy kahit sa harap ng mga hamon. • Malaki ang papel ng mga guro sa pagbibigay ng motibasyon sa mga mag-aaralupang ang antas ng akademikong motibasyon ay mataas.	Papel ng Motibasyon	Kahalagahan ng Motibasyon sa Pag-aaral	Social Cognitive Theory
	• Mahalaga ang akademikong motibasyon sa bawat mag-aaral upang maging ganado sila mag- aral. • Napakahalaga ng akademikong motibasyonsa mag-aaraldahil nagiging interesadosila upang matuto.	Malaki ang Ganap ng motibasyon sa Pag-aaral		
	• Ang motibasyon ay nagbibigay ng lakas at determinasyon sa bawat mag-aaral. • Nagpapalakas ng determinasyon ng mga mag-aaral upang maabot ang kanilang layunin sa buhay.	Nagbibigay determinasyo n sa mag-aaral	Nagbibigay Lakas	Achieveme nt Goal Theory
	• Nakakatulong sa mag-aaral na magbigay lakas at maging interesado sa pag-aaral. • Nagiging daan at lakas upang mas maging Masipag at masigasig sa pag-aaral.	Nagiging daan sa tagumpay ng pag-aaral		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

	• Nagbibigay lakas ng bawat mag- aaral upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pag-aaral. • Nagbibigay lakas	Nagbibigay lakas upang harapin ang mga hamon		

Pagsama-sama ng Mahahalagang Data na Natuklasan sa Kwantitatiibo at Kwalitatibo

Ang talahanayan 6 ay naglalarawan ng mahahalagang natuklasan mula sa kombinasyon ng quantitatibong at kwalitatibong resulta. Ipinapakita nito ang mga pangunahing punto sa unang hanay, kung saan matatagpuan ang focal point ng pag-aaral, na sinusundan ng mga quantitatibong at kwalitatibong resulta sa ikalawang at ikatlong hanay. Sa pangkalahatan, ang mga quantitatibong natuklasan ay nagpapakita ng mga indikador na may pinakamataas na mean, samantalang ang mga kwalitatibong resulta ay nagbibigay ng mga partikular na tugon na nagkukumpirma o nagdadisprove sa mga resulta ng

kwalitatibong pananaliksik. Sa ikaapat na hanay, matatagpuan ang likas na katangian ng data integration, habang ang ikalimang hanay ay naglalaman ng aksiyolohikal na implikasyon na nabuo batay sa datos na ipinakita sa mga naunang hanay.

Talahanayan 6

Pagpapakita ng Mahahalagang Natuklasan sa Pinagsanib na Kwantitat

Aspeto o Focal Point	Kwantitatibong Natuklasan	Kwalitatibong Natuklasan	Likas na Integrasyon Ng Data	Aksiolohikal Na Implikasyon
Self- efficacy	Talahanayan 1 sa self-efficacy aytem 1 na naniniwala ang mga mag-aaral na nuunawaan nilang mabuti ang mga ideya na kaugnay sa aralin sa klase (M=4.82) ay may markana napakataas.	Talahanayan 5.1 na may code na naniniwala sa sarili na madali lang ang Filipino sa ilalim ng temang Paniniwala na madali lang ang Filipino.	Merging-Convergeng	Nagpapakita na ang mag-aaral ay mataas ang kanilang akademikong motibasyon dahil nauunawaan nila ng mabuti ang mga ideya at talakayan na kaugnay sa klase.
Intrinsic Value	Talahanayan 2 sa intrinsic value aytem 5 na kadalasang pinipili ng mga mag-aaral na pagtuunan ng pansin ang mga paksa na mayroong mas malalim na pag- aaral, kahit na ito ay nangangailangan ng mas maraming panahon upang maunawaan at maipatupad nang maayos (M=4.69) ay may marka na napakataas.	Talahanayan 5.2 na may code na malaki ang pagganapng motibasyon sa pag-aaral sa ilalim ng temang kahalagahan ng motibasyon sa pag-aaral.	Merging-Convergeng	Nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng akademikong motibasyon dahil mas pinagtuunan nila ang paksa upang mas maunawaan nila ng mabuti at nagiging interesado sila sa mga gawain kahit na ay nangangailangan ito ng mahabang panahon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Self-regulation	Talahanayan 3 sa self-regulation, aytem na bago magsimulang mag-aral, iniisip muna ang mga bagay at aralin na kailangan gawin upang mas madaling matuto (M=4.70) ay may marka na napakataas.	Talahanayan 5.2 na may code na nagbibigay determinasyon sa mag-aaral sa ilalim ng temang nagbibigay lakas.	Merging-Convergeng	Nagpapakita na ang akademikong motibasyon ng mga mag-aaral ay mataas dahil bago mag-aaral ay iniisip muna nila ang mga dapat gawin at aralin upang sila ay mas madaling matuto.

Self-Efficacy. Sa kwantitatibong parte, ang partikular na mga aytem na may napakataas na marka ay naniniwala na ang mga mag-aaral ay nauunawaan nilang mabuti ang mga ideya na kaugnay sa aralain sa klase. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan, na may temang paborito ang asignaturang Filipino dahil nauunawaan rin nila ang mga ideya na kaugnay sa klase. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong data ay nagtatagpo sa kwantitatibong data.

Intrinsic Value. Sa kwantitatibong parte, ang partikular na mga aytem na may pinakamataas na marka na kadalasang pinipili ng mga mag-aaral na pagtuunan ng pansin ang mga paksa na mayroong mas malalim na pag-aaral, kahit na ito ay nangangailangan ng panahon upang maunawaan. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan, na may temang malaki ang pagganap ng motibasyon sa pag-aaral. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong data ay nagtatagpo sa kwantitatibong data.

Self-regulation. Sa kwantitatibong parte, ang partikular na mga aytem na may napakataas na marka ito yung mga mag-aaral na iniisip muna nila ang mga bagay at aralin na kailangan gawin upang mas mapadali ang kanilang pagkatuto. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan, na may temang papel ng motibasyon na kung saan ay iniisip rin nila muna ang mga bagay at aralin upang mas mapadali ang kanilang pagkatuto. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong data ay nagtatagpo sa kwantitatibong data.

DISKUSYON

Ang Karanasan ng mga Mag-aaral ng BSEd- filipino sa Akademikong Motibasyon

Sa nakaraang kabanata ng mga karanasan ng mga mag-aaral sa BSEd-Filipino sa KCAST tungkol sa akademikong motibasyon, naging obserbasyon ang pagiging mapansin ng iba't ibang isyu na isinasaalang-alang sa pag-aaral. Layunin nito ang masusing pag-unawa sa mga karanasan ng mga mag- aaral sa Kapalong College of Agriculture and Sciences and Technology sa pamamagitan ng pagpapakita ng iba't ibang perspektibo mula sa mga manunulat at teorista kaugnay ng nasabing mga karanasan.

Impluwensya na Galing Sa Kaibigan at Nagdaang Guro.Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teoryang Self-Determination Theory ni Deci & Ryan (2019) na kung saan ito ay isang malawak na teorya para maunawaan ang motibasyon ng tao, personalidad, at kagalingan. Ang self-determination ay itinuturing na batayan para ipaliwanag ang intrinsically motivated na pag-uugali na kung saan ang kilos ay nararanasan bilang autonomous at hindi umaasa sa control at pampalusog.

Nakasaad sa pag-aaral nina Vernon at Drane (2020) na ang mga pag-uusap kasama ang mga kaibigan at dating guro ay may malaking epekto sa pagpapanday ng mga pangarap sa larangan ng edukasyon at propesyon. Sa pamamagitan ng mga kwentong ibinabahagi at pananaw, natutulungan ng mga magaaral na gabayan ang kanilang mga desisyon, lalo na sa pagpili ng kursong kukunin at paaralan na papasukan. Ang ganitong uri ng interaksyon ay naglalaro ng mahalagang papel sapagbuo ng mga pangarap at layunin sa buhay ng bawat isa.

Paniniwala na Madali lang ang Filipino. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta sa teoryang Social Learning Theory ni Varasteanu & Iftime (2013) na kung saan "ang mga bata ay marupok at madaling maimpluwensyahan ng kanilang paligid." Ang mga guro ay hindi lamang responsible para sa pagbibigay ng mga solusyon at pagsagot sa mga katanungan ngunit sila rin isang may awtoridad na pigura sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa, ayon nina Cruz and Pulhin (2020), tinalakay ng papel ang mga pananaw tungkol sa wikang Filipino, na binibigyang-diin na marami ang naniniwala na madali itong matutunan dahil sa phonetic na katangian nito at simpleng gramatika. Ang paniniwalang ito, na nakaugat sa mga natatanging katangian ng wika, ay nagpapakita ng pangkalahatang pag-asa tungkol sa pagkuha ng wika sa mga nag-aaral.

Ang Kurso Bilang isang Pangarap na Inaasam- asam. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta ni Dzimińska (2022), ang pag-aaral ay hindi nagtutukoy sa isang tiyak na pangarap na kurso; sa halip, binibigyang-diin nito ang matinding pagnanais ng mga estudyante para sa mga indibidwal na karanasan sa pagkatuto at mga sumusuportang kapaligiran na nagtataguyod ng kanilang personal at propesyonal na pag-unlad. Ang pagtuon na ito sa mga pangangailangan ng bawat isa ay nagpapakita ng mas malawak na pang-unawa sa edukasyon bilang isang nakabubuong

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

paglalakbay na nakaayon sa mga hangarin ng bawat mag-aaral.

Sa kabilang banda, ayon nina Shin and Lee (2022), ang kursong "Buhay at Pangarap" ay nilikha upang paunlarin ang kamalayan sa sarili, mga kasanayan sa pakikipag-ugnayan, at pagbuo ng landas sa karera para sa mga mag-aaral sa unang taon, na akma sa mga layunin ng competency-based education framework. Ang kursong ito ay hindi lamang nagbibigay ng mga kinakailangang kasanayan sa buhay kundi nagbibigay-daan din sa mga estudyante upang masusing masaliksik ang kanilang mga akademikong at propesyonal na landas.

Ang Pananaw ng mga Mag-aaral ng BSEd- Filipino sa kanilang Akademikong Motibasyon

Sa nakaraang kabanata, ipinakita ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa BSEd-Filipino sa KCAST hinggil sa kanilang akademikong motibasyon. Kapansin-pansin na may iba't ibang natuklasan ang mga mag-aaral ukol dito. Sa pagsisiyasat na isinagawa, nabunsod ang iba't ibang pangunahing ideya na pinagsama-sama sa iba't ibang tema.

Kahalagahan ng Motibasyon sa Pag-aaral. Sa isang pag-aaral ni Supriyadi (2024), ipinapakita na ang akademikong motibasyon ay isang mahalagang salik sa pag-unlad ng tagumpay ng mga estudyante sa larangan ng edukasyon. Ang suporta mula sa pamilya ay nagbibigay ng lakas sanasabing motibasyon. Ang kapaligirang ito na sumusuporta ay hindi lamang nagbibigay ng positibong pananaw sa pag-aaral kundi nakaaapekto rin sa pagtingin ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan patungo sa kanilang tagumpay sa larangan ng akademiko.

Dagdag pa, ayon nina Hussain and Nadim (2024), ang akademikong motibasyon sa paaralan ay nahuhubog ng iba't ibang salik, kabilang ang mga indibidwal na katangian, panlipunang impluwensya, dinamika ng pamilya, at mga salik na may kaugnayan sa paaralan. Ang mga salik na ito ay maaaring magkaroon ng makabuluhang epekto sa pagganap ng mga estudyante, maaaring positibo sa pamamagitan ng pagpapalakas ng sigla at dedikasyon sa pag-aaral, o negatibo sa pamamagitan ng paglikha ng mga hadlang na humahadlang sa kanilang tagumpay sa akademiko.

Nagbibigay Lakas. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta nina Hussain and Nadim (2024), ang programa ay nilikha upang tulungan ang mga estudyante na matukoy at magamit ang kanilang mga lakas, na nagtataguyod ng kanilang motibasyon at tagumpay sa parehong akademikong konteksto at pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng pagtutok sa personal na paglago at pag-unlad, ang inisyatibang ito ay naglalayong bigyang kapangyarihan ang mga estudyante na maabot ang kanilang buong potensyal at harapin ang mga hamon nang may kumpiyansa.

Gayumpaman, ayon nina Hongell-Ekholm et al. (2024), ang Study with Strength intervention ay nagtataguyod ng kamalayan ng mga estudyante sa kanilang sarili, pag-unawa sa sarili, at pagkilala sa kanilang mga sikolohikal na lakas, na nagbibigay kapangyarihan sa kanila upang magsikap para sa personal na pag-unlad at kagalingan sa parehong akademiko at pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga mahalagang katangiang ito, mas handa ang mga estudyante na harapin ang mga hamon, palakasin ang kanilang katatagan, at makamit ang kanilang mga layunin, nasa huli ay nagdadala ng mas kasiya-siya at balanseng buhay.sa kanya ang gawain, mas magiging motivated siya na pagbutihin ito.

Kahalagahan ng Pagbibigay Suporta. Ang resultang ito ay nakahanap ng suporta nina Talıbova (2022), ang pagbibigay ng suporta sa edukasyon ay mahalaga para sa pagpapalakas ng kabuuang pag- unlad ng bawat estudyante, pagpapahusay ng bisa ng pagkatuto, at pagtugon sa iba't ibang sikolohikal at emosyonal na pangangailangan. Sa pamamagitan ng paglikha ng isang sumusuportang kapaligiran na inuuna ang indibidwal na suporta, maaring mapadali ng mga guro ang mas mahusay na pakikilahok, mapalakas ang katatagan ng mga estudyante, at sa huli ay humantong sa mas magandang resulta sa edukasyon.

Dagdag dito, ayon nina Boyd and Mohamad (2022), ang pagbibigay ng mga serbisyo sa suporta ay napakahalaga para sa tagumpay at pagpapanatili ng mga internasyunal na estudyante, dahil ito ay nagtataguyod ng inclusivity at nagpapalakas ng kanilang pangkalahatang karanasan sa edukasyon. Sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga naaangkop na mapagkukunan at gabay, maari ng mga unibersidad na lumikha ng isang mapagkaibigang kapaligiran na hindi lamang tumutulong sa mga international students na makisabay sa kanilang bagong kapaligiran kundi nagpapayaman din sa akademikong komunidad. Ang pangako sa suporta na ito ay sa huli ay nag-aambag sa edukasyonal at pang-ekonomiyang sigla ng mga unibersidad, na nagpapalakas sa kanilang pandaigdigang reputasyon at epekto.

Pagsama-sama ng Mahahalagang Data na Natuklasan sa Kwantitatiibo at Kwalitatibo

Ang mga natuklasan mula sa pagsasagawa ng kwantitatibo at kwalitatibong pagsusuri ay nagpapakita ng mga koneksyon sa bawat pangunahing punto, tulad ng naipahayag sa mga natuklasan sa parehong yugto ng pananaliksik. Sa partikular, ang mga epekto ng aksiyolohiya ay may kaugnayan sa self-efficacy, intrinsic value, at self- regulation.

Ang corroborative na natuklasan tungkol sa antas ng akademikong motibasyon sa tuntunin ng self-efficacy na nagsasaad ng naniniwala ang mga mag-aaral na nauunawaan nila ng mabuti ang mga aralin, sa yugtong kwantitatibo ay may napakataas na rating sa ilalim ng temang paborito ang asignaturang Filipino. Isinasaad ni Zimmerman (2022), ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng motibasyon ay mas malamang na magpakita ng aktibong pagkontrol at pag-aayos ng kanilang mga kaisipan, damdamin, at mga gawi upang matamo ang mga layunin ng pag- aaral. Sa pamamagitan ng ganitong proseso, sila ay nagiging mas epektibo sa kanilang mga pag-aaral

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

at nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin.

Ang tumutugma sa natuklasan sa antas ng intrinsic value sa kwantitatibo at kwalitatibo ay kadalasang pinipili ng mga mag-aaral ay pagtuunan ng pansin ang paksa upang mas maunawaan nila ito kahit na ito ay nangangailangan ng mahabang panahon ng temang malaki ang pagganap ng motibasyon sa pag- aaral sa akademikong motibasyon. Ayon kay Deci & Ryan (2019), ang mga mag-aaral ay mas pinipili na pagtuunan ng pansin ang isang paksa kahit na ito ay nangangailangan ng mahabang panahon ng pag-aaral dahil sa kanilang intrinsic na pagpapahalaga sa paksa. Ang mga tao ay mayroong likas na kagustuhang magpakadalubhasa at maunawaan ang mga bagay na mahalaga sa kanila. Kapag may mataas na antas ng intrinsic na pagpapahalaga sa isang paksa, mas malamang na magiging determinado ang isang indibidwal na maglaan ng oras at pagsisikap para sa pag-aaral at pag-unawa sa paksa, kahit na ito ay nangangailangan ng mas mahabang panahon o mas malalim na pag-iisip.

Ang natural na pagtatagpo ng natuklasan sa kwantitatibo at kwalitatibo sa antas ng self- regulation ay bago magsimulang mag-aral, iniisip muna nila ang mga bagay at aralin na kailanagan gawin upang sila ay mas madaling matuto. Isinasaad ni Zimmerman (2022), ang pag-iisip ng mga mag- aaral sa mga bagay at aralin na kailangang gawin bago magsimula ay nagpapakita ng kanilang proseso ng self-regulated learning. Ang self-regulated learning ay tumutukoy sa kakayahan ng mga mag-aaral na pangunahan at kontrolin ang kanilang sariling pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagpaplano ng kanilang mga gawain at pag-iisip sa mga hakbang na kinakailangan upang matuto nang mas mabuti, nakakatulong sila sa kanilang sarili na maging mas epektibo at mas organikado sa kanilang pag-aaral. Ang ganitong proseso ay nagbubunsod ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga aralin na kanilang pinag-aaralan.

Konklusyon

Base sa natuklasan sa pag-aaral na ito, napaparating ang sumusunod na mga konklusyon:

Una, lubos na mataas ang antas ng akademikong motibasyon ng mag-aaral sa aspeto ng self-efficacy, intrinsic value, at self-regulation. Ito'y nagpapahiwatig na ang mga indikasyon ng akademikong motibasyon ay kadalasang nangyayari sa mga mag-aaral ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology.

Sa pangalawang bahagi, ang thematic analysis ng qualitative data ay isinagawa batay sa mga sagot na nakuha mula sa pagconduct ng in-depth interviews (IDI) at focus group discussions (FGD). Ang mga natuklasan ay nagdulot ng karagdagang kaalaman hinggil sa kanilang behavior partikular sa aspeto ng kanilang mga karanasan patungo sa kanilang akademikong motibasyon. Sa kabuoan, ang mga mag-aaral ng BSEd-Filipino sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology ay nasasangkot sa iba't ibang sitwasyon na nakaaapekto sa antas ng kanilang akademikong motibasyon. Naitalang mga tema tulad ng impluwensya mula sa mga kaibigan at dating guro, paniniwalang ang asignaturang Filipino ay madali lamang, ang kurso bilang pangarap na inaasam, kahalagahan ng motivation sa pag-aaral, taglay nitong lakas, at ang importansya ng suporta mula sa iba.

Sa pangatlong hakbang, ang mga tugon ay inisiyasayt mula sa mga mag-aaral alinsunod sa temang ito, na naglalayong suriin at kumpirmahin ang dami ng mga natuklasan ng pagsasaliksik ukol sa epekto ng kanilang mga karanasan sa akademikong motibasyon.

Ang impormasyon na natagpuan mula sa dalawang yugto ay isinama batay sanatural na plano. Ang antas ng pagkakaugnay ng akademikong motibasyon batay sa dami ng mga resulta ay nagpapakita na ito ay kumonekta sa datos mula sa yugto ng kwalitatibong pagsusuri.

Ang parehong kwantitatibo at kwalitatibong mga datos ay nagpapatunay na bagaman may positibong epekto ang antas ng akademikong motibasyon ng mga mag-aaral, napansin din na ang kasiglahan nito ay napakataas, na may malaking impluwensya ito sa larangan ng edukasyon. Sa pamamagitan nito, maaaring lampasan ng mga mag-aaral ang kanilang mga hamon sa buhay at matamasa ang kanilang mga pangarap. Gayunpaman, mayroon pa rin itong negatibong epekto sa kanilang kalagayan sa paaralan patungo sa kanilang antas ng akademikong motibasyon.

Sa kabuoan, ang integrasyon ng data sa mahahalagang natuklasan sa kwantitatibo at kwalitatibong parte ay nagpakita na mayroong pagtatagpo sa resulta na nagmumula sa mga tugon ng mga respondente.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pananaliksik, ipinapakita ng mga rekomendasyon ang mga sumusunod:

Ayon sa lumabas na kwantitatibong resulta, matataas ang antas ng akademikong motibasyon sa mga mag- aaral ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, partikular sa kursong BSEd- Filipino. Ito'y nagpapahiwatig ng matibay na dedikasyon at sigla ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral. Dahil dito, inirerekomenda na patuloy na palakasin ang mga programa at aktibidad na nagbibigay suporta sa kanilang akademikong motibasyon, kagaya ng mga workshop at seminar na nakatuon sa mga estratehiya sa pag-aaral at pagbuo ng mga layunin.

Sa kuwalitatibong resulta na nauugnay sa karanasan ng mga mag-aaral, mahalaga na bigyang-pansin ang papel ng motibasyon. Malaki ang kontribusyon ng mga guro, pamilya, at paaralan sa pagtulong at pag- inspire sa mga mag-aaral upang magpatuloy at magtagumpay sa kanilang pag-aaral. Bilang rekomendasyon, maaaring magkaroon ng mga programang suporta para sa mga guro upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagbibigay ng motibasyon sa mga estudyante. Dapat ding magkaroon ng mga aktibidad na nag-uugnay sa mga magulang sa akademikong buhay ng kanilang mga anak upang palakasin ang kanilang suporta at pakikipag-ugnayan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Bilang karagdagan, isinasaad ang mahalagang papel ng regular na pagsusuri at pag-aangkop ng mga estratehiya sa pagtuturo upang masiguro ang patuloy na pagtugon sa mga bagong pangangailangan ng mga mag-aaral. Inirerekomenda rin na mahikayat ang mga guro na gumamit ng iba't ibang makabagong at interaktibong paraan ng pagtuturo tulad ng mga group activities, hands-on experiences, at problem- based learning. Sa pamamagitan nito, magiging masigla ang aktibong partisipasyon at kolaborasyon ng mga mag-aaral, na magbubunga ng hindi lamang pagpapalakas ng kanilang akademikong motibasyon kundi pati na rin ang pagpapalalim ng kanilang mga kaalaman, kritikal na pag-iisip, at pagbuo ng mahahalagang kasanayan na kinakailangan para sa kanilang tagumpay sa hinaharap.

TALASANGGUNIAN

1. *Araka et al. (2020). Research trends in measurement and intervention tools for self-regulated learning for e-learning environments – systematic review (2008– 2018). Research Gate.*
2. *Bernardino, A., Paz, M. R. D., Lamar, R. L., Renta, K., Battad, F., & Edillor, M. (2020). Role of Motivation on Academic Performance of Grade 11 Humanities and Social Sciences Strand Students: An Analysis. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 2(1).*
3. *Bries et al., (2020, November 27). [DIWA E-Journal Tomo 6, Nobyembre 2018] ―Ang Gusto Ko Lamang sa Buhay ay…‖ Paunang Pagbuo at Pagsusuri ng Isang Imbentaryo ng mga Motibasyon ng mga Filipino – Diwa E-Journal. [DIWA E-Journal Tomo.*
4. *Buñag et al, (2022). Pamamaraan na makababawas sa istres ng mga mag-aaral sa tersyarya sa paaralan ng edukasyon, agham at sining sa Colegio De San Juan De Letran Calamba: Isang basehan ng programang pang-interbensyon. Ani: Letran Calamba Research Report, 18(1), 1–1.*
5. *Chan et al. (2020). Relational Analysis of Intrinsic Motivation, Achievement Goals, Learning Strategies and Academic Achievement for Hong Kong Secondary Students. Research Gate.*
6. *Cocca, M., Cocca, A., Martínez, E., & Bulnes, M. (2018). Correlation between Self-Efficacy Perception and Teaching Performance: The Case of Mexican Preschool and Primary School Teachers. Arab World English Journal, 9(1), 56–70.*
7. *Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2022, November 3). Research Design. SAGE Publications Inc.*
8. *Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018, April 13). Qualitative Inquiry and Research Design. SAGE Publications Inc.*
9. *Creswell, J., & Plano Clark, V. (2019, May 8). Designing and conducting mixed methods research. SAGE Publications Inc.*
10. *Cruz, A. C., & Pulhin, F. (2020). Survey_112613_Filipino.pdf [Dataset]. In Harvard Dataverse.*
11. *Dietrich, J., Dicke, A.-L., Kracke, B., & Noack, P. (2020). Teacher support and its influence on students' intrinsic value and effort: Dimensional comparison effects across subjects. Learning and Instruction, 39, 45–54.*
12. *Dullas, A. (2020, April 4). The Development of Academic Self-Efficacy Scale for Filipino Junior High School Students. Researcg Gate.*
13. *Dzimińska, M. (2022). An ideal university: A Student Growth Incubator. Journal of Further and Higher Education, 47(3), 378–390.*
14. *Guler et al. (2020). Self-efficacy, motivation and adolescent's adherence of a health protocol during pandemic COVID-19 in Indonesia.*
15. *Haradhan, M. (2018). (PDF) Two Criteria for Good Measurements in Research: Validity and Reliability. ResearchGate.*
16. *Hongell-Ekholm, N., Londen, M., & Fagerlund, Å. (2024). Supporting adolescents' personal growth and well-being through the Study with Strength intervention. Cogent Education, 11(1).*
17. *Hussain, N., & Nadim, D. (2024). School and home- related factors in academic motivation of secondary school students: a literature review. International Journal for Multidisciplinary Research, 6(2).*
18. *Karademir et al. (2020). Investigation of Middle School Students' Self-Regulation Skills and Vocabulary Learning Strategies in Foreign Language. International Journal of Educational Methodology, 6(1).*
19. *Laka, L., & Suryanto, S. (2024). Student Self-Efficacy is Viewed Through Parental Involvement, Teacher Support, and Peer Support. Bulletin of Counseling and Psychotherapy, 6(1).*
20. *Levy, P. S., & Lemeshow, S. (2018). Sampling of populations. John Wiley & Sons, Inc.*
21. *Li et al. (2021, December 18). What Are the Effects of Self-Regulation Phases and Strategies for Chinese Students? A Meta-Analysis of Two Decades Research of the Association Between Self-Regulation and Academic Performance. Frontiers.*
22. *Munhall, P. L. (2018). Nursing Research: A Qualitative Perspective. In Amazon (5th edition). Jones & Bartlett Learning.*
23. *Palinkas, L. A., Horwitz, S. M., Green, C. A.,*
24. *Wisdom, J. P., Duan, N., & Hoagwood, K. (2015). Purposeful Sampling for Qualitative Data Collection and Analysis in Mixed Method Implementation Research. Administration and Policy in Mental Health and Mental Health Services Research, 42(5), 533–544.*
25. *Preist, R., & Yandell, L. (2019, March). Academic motivations and group dynamics. Research Gate.*
26. *Rivai, M., Yusri, Y., Rivai, A. T. O., & Anwar, M. (2021). Teachers' language politeness, students' academic motivation and self-efficacy during school from home. Cypriot Journal of Educational Sciences, 16(5), 2161–2172.*
27. *Robson, D. A., Allen, M. S., & Howard, S. J. (2020). Self-regulation in childhood as a predictor of future outcomes: A meta-analytic review. Psychological Bulletin, 146(4), 324–354.*
28. *Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2022). Self- Determination Theory. Encyclopedia of Quality of Life and Well-Being Research, 1–7.*
29. *Talıbova, D. (2022). Consıderatıon of ındıvıdual characterıstıcs of students as an ımportant factor of pedagogıcal support. Scientific Bulletin of South Ukrainian National Pedagogical University Named After K D Ushynsky, 2022(1 (138)).*
30. *Teach, C. (2020). What Do Teachers Do? Teacher Change Lives, Motivating Studdents.*
31. *Topoğlu, E. (2022). Academic motivations of preservice music teachers. International Online Journal of Education and Teaching (IOJET), 9(2), 903–918.*
32. *Turgut, N. (2018). HEMŞİRELİK ÖĞRENCİLERİNDE PSİKOLOJİK DAYANIKLILIK, AKADEMİK BAŞARI VE AKADEMİK ÖZYETERLİK DÜZEYLERİNİN BELİRLENMESİ.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

33. *Tus, J. (2021). Amidst COVID-19 Pandemic: The Self-Efficacy and Academic Motivation of the College Students from the Private Higher Education Institutions in the Philippines. Figshare.com.*
34. *Таскирова, З., Патдыева, А., Сангаджиев, Б., Китаев, М., Пюрбеев, С., Никулин, О., & Китаев, Б. (2024). METHODS FOR DEVELOPING SELF- ORGANIZATION AND SELF-REGULATION SKILLS IN STUDENTS. Экономика И*
35. *Предпринимательство, 1(162), 1145–1149.*
36. *Usher, E. L., & Morris, D. B. (2020). Academic Motivation. Encyclopedia of the Sciences of Learning, 36–39.*
37. *Vernon, L., & Drane, C. F. (2020). Influencers: the importance of discussions with parents, teachers and friends to support vocational and university pathways. International Journal of Training Research, 18(2), 155–173.*
38. *Yokoyama, S. (2019). Academic self-efficacy and academic performance in online learning: A mini review. Frontiers in Psychology, 9(1).*